# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 15, 2023, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RELEASED NAME DATE TIME

RECORDED 4 FEB 2024 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 02-T2024**

**KAUTUSANG BAYANG PINAWAWALANG-BISA ANG MUNICIPAL ORDINANCE NO. 03-S2022 – AN ORDINANCE AMENDING SECTION 31.02 (b) (f) OF ARTICLE 1-IMPOSITION OF FEES OF FRANCHISES AND OTHER FEES ON TRICYCLE OPERATION OF MUNICIPAL ORDINANCE NO. 1-S2012, UPANG IBALIK AT MULING IPATUPAD ANG HALAGANG P450.30 PARA SA MGA BAYARIN SA PAGKUHA NG PRANGKISA, OPERASYON NG TRAYSIKEL AT IBA PANG BAYARIN SA MGA PAMPASAHERONG TRAYSIKEL SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis tungkol sa paksang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, sa nagdaang pandemya, sa pinagtibay na Municipal Ordinance No. 3-S2022 ay binigyang-kaluwagan ang Sektor ng Transportasyon sa pamamagitan nang hindi pagsingil ng halagang P120.30 para sa Sticker Fee gayundin ang pagbabawas ng para sa Annual MTOP (Municipal Tricycle Operator's Permit) Fee na sa halip na P220.00 ay ginawang P110 00 lamang;

**SAPAGKAT,** noong Hulyo 21, 2023, ipinatupad ang "Presidential Proclamation No. 297 – Lifting of the State of Public Health Emergency throughout the Philippines due to Covid-19';

**SAPAGKAT**, sa isinagawang pagtalakay ng lupon, nagpahayag din ng kanilang pagsang-ayon ang mga Pangulo ng Pederasyon ng Magtatraysikel para sa makatwirang pagpapatupad muli ng singiling P450.30;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1**. Mga bayarin sa pagkuha ng prangkisa, operasyon ng traysikel at iba pang bayarin sa mga pampasaherong traysikel:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Filing Fee | - | P 33.00 |
| 2. | Confirmation as grantee of MTOP | - | P 22.00 |
| 3. | Annual MTOP (Municipal Tricycle Operators Permit) Fee | - | 220 00 |
| 4. | Sticker Fee | - | 120.30 |
| 5. | Filing Fee for Amendment of MTOP | - | 33.00 |
| 6. | Fare adjustment Fee for fare increase | - | 22.00 |
| | | | P450.30 |

**SEKSYON 2.** Anumang bahagi ng Kautusang Bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**SEKSYON 3.** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pederasyon ng mga Magtatraysikel, Kagawaran ng Pulisya, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran, at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 15, 2024.**

KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President

KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

02132464

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Councilor

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Councilor

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Councilor

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Councilor

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Councilor

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Councilor

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Councilor

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
ABC Federation President

**KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO**
SK Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

2/13/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan